

pagpapatuloy...

Maaari ba akong pumunta sa hearing kahit ako ay walang abogado?

Oo. Ipinagbabawal sa small claims ang pagdalo ng mga abogado sa hearing.

Maaari bang ipagpaliban ang hearing?

Hindi, maliban na lamang kung may sapat na patunay na ang isa sa mga party ay walang kakayahang pumunta sa korte at humarap sa judge sa takdang araw ng pagdinig dahil sa physical inability. Ang judge ang magdedesisyon kung ang dahilang ibinigay ng isang panig ay maituturing na physical inability.

Maaari pa bang makipag-areglo kahit na nakapagsumite na ng Response?

Oo, sa ilalim ng bagong small claims rule, maaaring magsagawa ng compromise agreement ang mga party sa kahit anong yugto ng proceedings.

Gaano katagal bago magdesisyon ang judge?

Dapat magpasya ang judge sa araw na natapos ang pagdinig (kung hindi nagsumite ng Response ang inihabla) o sa loob ng dalawpu't apat na oras matapos ang pagdining (kung nagsumite ng Response ang inihabla, at nagsuri ng mga dokumento ang judge).

Maaari bang umapela sa desisyon sa isang small claims case?

Hindi. Ipinagbabawal ang pag-apela sa desisyon sa isang small claims case. Nakasaad sa small claims rule na ang desisyon ng judge ay final at executory—ito ay maaari nang ipatupad agad-agad.

Paano maipapatupad ng panalng panig ang desisyon ng judge?

Kailangan niyang magsumite ng Motion for Execution (Form 12-SCC) sa judge na nagdesisyon ng kanyang kaso.



ano ang **small claims?**

Ang Small Claims Procedure ay isa sa mga reporma ng Korte Suprema upang mapadali at mapabilis ang pagresolba ng mga kasong dinudulog sa korte.

Saklaw ng Small Claims Procedure ang paniningil ng salaping hindi lalagpas ng P200,000. Kasama dito ang mga kasunduan mula sa pagpapaupa, pagpapautang, paggawa ng serbisyo, pagbebenta, at pagsasangla.

Sa small claims, hindi kailangan ng abogado, mas madali ang proseso at mas mura ang filing fees kumpara sa regular na kaso.

Simple
Mabilis
Abot-kaya

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang aming website:

sc.judiciary.gov.ph



ang iyong gabay sa

2016 revised rules of procedure for small claims cases



brought to you by:



Australian Aid

The Asia Foundation

The Australian Embassy - The Asia Foundation Partnership in the Philippines

1

STATEMENT OF CLAIM

I-file sa korte ang claim na hindi lalagpas ng P200,000

2

SUMMONS & NOTICE OF HEARING

Ihahain sa defendant (ihinabla) ang notice mula sa korte na dapat mag-file ng sagot at dumalo sa takdang araw ng hearing o pagdinig.

3

RESPONSE

Isumite ang Response sa korte at sa plaintiff (naghabla) sa loob ng 10 araw mula na paghain ng summons.

4

HEARING

Susubukan ng judge na pagkasunduin ang bawat panig. Kung magkakasundo ang mga partido, susuriin ng judge kung sino sa magkabilang panig ang mas matimbang ang pahayag.

5

DECISION

Matapos ang pagsusuri ng ebidensya ng magkabilang panig, maglalabas ng desisyon ang judge.

Maaaring kumuha ng forms sa pinakamalapit na korte or i-download ito sa aming website.

sagot sa mga karaniwan mga katanungan ukol sa small claims

Ano ang small claims?

Ito ay mga claim na hindi lalagpas sa P200,000 ang principal amount. Hindi kasama rito ang interes.

Anu-anong kaso ang maaaring i-file na small claim?

Mga kaso para sa: (1) pagkolekta o pagsingil ng utang, upa, bayad para sa iginawad na serbisyo, bayad para sa isang bagay na ibinenta o isinangla; (2) pagkolekta o pagsingil ng tukoy o napagkasunduang danyos (liquidated damages) na nakasaad sa isang kontrata; at (3) pagpapapatupad ng napagkasunduan sa barangay o lupong tagapamayapa patungkol sa pagbabayad utang, upa at iba pa.

Sakop ba ng small claims ang mga transaksyon na ginamitan ng cheke?

Oo, kung ang cheke ay ginamit na pambayad sa utang, upa, iginawad na serbisyo, bagay na ibinenta o isinangla.

Anu-anong korte ang dumidinig ng small claims?

Ang mga first level courts o Metropolitan Trial Court, Municipal Trial Court, Municipal Trial Court in Cities, Municipal Circuit Trial Court ang mga korte na dumidinig ng small claims cases.

Saang korte maaaring i-file ang claim?

Ang small claims case ay maaaring i-file sa korte ng lugar kung saan nakatira ang plaintiff o ang defendant, sa opsyon ng plaintiff.